Mensahe Apat

**Ang Kasaysayan ng Kaban at ng Tabernakulo**

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 4:1—7:2

**I. Tinamo tayo ni Kristo nang sa gayon ay matamo natin Siya upang maitayo ang Diyos tungo sa atin at upang maitayo tayo tungo sa Kanya upang maging isang sama-samang Diyos-tao, ang realidad ng ekklesia bilang tabernakulo ng Diyos, na siyang ang bahay ng buháy na Diyos, ang myutwal na pananahanan ng Diyos at ng tao—Fil. 3:8, 12-14; Juan 1:14; Apoc. 21:2-3; 7:15; 1 Tim. 3:15; Juan 14:2, 23.**

**II. Upang makapasok sa realidad ng Katawan ni Kristo, dapat nating makita ang intrinsikong kahulugan ng Kaban:**

A. Ang Kaban ay sumasagisag kay Kristo bilang presensiya ng Tres-unong Diyos kasama ang Kanyang bayan para sa pagsasagawa ng Kanyang ekonomiya upang itatag ang Kanyang kaharian sa lupa—Mat. 1:23.

B. Ang Kaban ay ang sentro at nilalaman ng tabernakulo, sumasagisag kay Kristo bilang sentro at nilalaman ng ekklesia; ang Kaban bilang unang aytem na binanggit sa pangitain ng tabernakulo ay nagpapahiwatig na si Kristo ang umookupa ng unang puwesto sa ekklesia—Exo. 25:22; Col. 1:17b, 18b:

1. Ang Kaban ay naglaman ng mga tapyas ng kautusan bilang patotoo ng Diyos, ang kahayagan at pahayag ng kung sino ang Diyos—Exo. 25:16; 31:18.
2. Ang Kaban sa loob ng Kabanal-banalan ay sumasagisag kay Kristo bilang sentro ng pinananahanang lugar ng Diyos, ang ekklesia (Efe. 2:21-22), at ang nilalaman ng ekklesia bilang bahay ng Diyos (1 Tim. 3:15-16; cf. 1 Sam. 4:22; Apoc. 3:20).

C. Ang Kaban na yari sa kahoy na akasya na nabalutan ng ginto ay sumasagisag sa malahanging Kristo bilang pagsasakatawan ng Diyos at bilang paghahalo ng pagkadibino sa pagkatao, ang pagtatayo ng Diyos kasama ang tao, nananahan sa ating espiritu upang makaugnay natin ang Diyos at matamasa ang Diyos—2 Tim. 4:22; 2 Cor. 3:17; Col. 2:9; Heb. 9:4:

1. Ang kahoy na akasya ay sumasagisag sa pagkatao ni Kristo, malakas sa pag-uugali at mataas sa pamantayan, bilang pangunahing substansiya para sa paghahayag sa Diyos—Exo. 25:10; Mat. 3:16; 4:4; 8:20; 9:12-13; 11:29; 12:19-20; 17:27; 20:28; 27:12, 14; Marc. 1:35; 6:39-41; Juan 6:12; 7:6; cf. Gawa 16:7.
2. Ang pagiging nababalutan ng ginto ang kahoy na akasya kapwa sa loob at sa labas ay sumasagisag sa dibinong kalikasan na nanunuot sa pantaong kalikasan at nananatili sa pantaong kalikasan upang ito ay maihayag sa pamamagitan ng pantaong kalikasan—Exo. 25:11; Apoc. 3:18a; 2 Ped. 1:4; cf. Apoc. 17:4.

D. Ang pampalubag na takip ng Kaban ay sumasagisag kay Kristo bilang tagpuan ng Diyos at ng Kanyang tinubos na bayan—Exo. 25:17-22:

1. Si Kristo ay ang Isa na nagpapalubag (Heb. 2:17), ang Isa na nagpapapayapa sa ugnayan sa pagitan natin at ng Diyos, ang Isa na nagsasanhing maipagkasundo tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagtugon sa kahilingan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang sarili bilang pampalubag na hain (1 Juan 2:2; 4:10).
2. Si Kristo rin ay ang pampalubag na takip na may pagningning ng Kanyang pagkadibino at pagtutubos ng Kanyang pagkatao, ang lugar kung saan natin natatamasa ang pagpapalubag sa harapan ng Diyos at kung saan tayo

nakikipagtagpo at nakikipagsalamuha sa ating matuwid, banal, at maluwalhating Diyos upang matanggap Siya bilang biyaya—Roma 3:25; Heb. 4:16:

a. Ang dalawang kerubin na ginto sa pampalubag na takip ay nagpapahiwatig na ang kaluwalhatian ng Diyos ay nagniningning mula kay Kristo (Exo. 25:18-21); ang dugong naiwisik sa pampalubag na takip ng Kaban ay nangangahulugang dahil sa dugo ng pagtutubos ni Kristo, maaari tayong makipagsalamuha sa matuwid na Diyos sa gitna ng Kanyang kaluwalhatian (Lev. 16:14-15).

b. Lalong nakikipagtagpo ang Diyos sa atin at nakikipag-usap sa atin, at lalo tayong nakikipagtagpo sa Diyos at nakikinig sa Kanyang pagsasalita, lalong magkakaroon ng patotoo ng Diyos sa ating karanasan.

**III. Ang kasaysayan ng Kaban at ng tabernakulo ay naglalarawan ng kanaisan ng puso ng Diyos, ng pagkawasak ng ekklesia, at ng pagbabawi ng ekklesia para sa patotoo ng Diyos, ang kahayagan ng Diyos—Exo. 25:9-10; 26:26-30; 40:38:**

A. Bilang sentro at nilalaman ng tabernakulo, ang Kaban ay sumasagisag kay Kristo bilang sentro at nilalaman ng ekklesia bilang tabernakulo ng Diyos, bahay ng Diyos, para sa sama-samang kahayagan ng Diyos—25:22; 40:21; Col. 2:9; Efe. 2:21-22; 1 Tim. 3:15.

B. Sa unang yugto ng kasaysayan nito, ang Kaban ay nasa tabernakulo; nangangahulugan ito na ang normal na ekklesia ay ang kahayagan ni Kristo, at si Kristo ang nilalaman ng ekklesia; gayunpaman, ang Kaban kalaunan ay naihiwalay mula sa tabernakulo; nangangahulugan ito na napababa at naiwala ng ekklesia ang realidad at presensiya ni Kristo—Exo. 40:34-35; 1 Sam. 4:1—7:2.

C. Ang Kaban ay sumasagisag kay Kristo bilang pagsasakatawan ng Diyos at bilang presensiya ng Tres-unong Diyos kasama ang Kanyang bayan para sa pagsasagawa ng Kanyang ekonomiya upang itatag ang Kanyang kaharian sa lupa (Jos. 3:3, 10-17); ang ilabas ang Kaban ay ang ilabas ang presensiya ng Diyos (Bil. 10:33-36; 1 Sam. 4:3-4).

D. Ang pagkilos ng Kaban ay isang larawan ng pagkilos ng Diyos sa lupa sa loob ni Kristo bilang Kanyang pagsasakatawan (Awit 68:1-18); gayunpaman, habang nakikipaglaban ang Israel sa mga Filisteo, hindi nilayon ng Diyos na kumilos.

E. Ang mga anak ni Israel ay walang pag-alaala ni pagmamalasakit para sa ekonomiya ng Diyos, at ang kanilang paglalabas ng Kaban upang makipaglaban sa mga Filisteo ay nagpapahiwatig na kinakamkaman nila ang Diyos, pinupuwersa pa Siya na sumama sa kanila para sa kanilang kaligtasan, kapayapaan, kapahingahan, at kapakinabangan.

F. Sa prinsipyo, ginagawa natin ang gayunding bagay sa tuwing nananalangin tayo para sa ating kasaganaan nang walang pagsasaalang-alang sa ekonomiya ng Diyos; sa halip na pagkamkam sa Diyos, tayo ay dapat manalangin, mamuhay, at maging mga tao, gaya ni Samuel, na ayon sa puso ng Diyos at para sa Kanyang ekonomiya.

G. Ngayon ay hinahalinhan ng mga tao ang patotoo ng Diyos ng pangangailangan ng tao; kapag hinahalinhan ng pangangailangan ng tao ang patotoo ng Diyos, nagsisimula ang pagbaba at lumilitaw ang mga suliranin; ang Kaban ay hindi lamang ang Kaban ng Diyos (1 Sam. 4:11, 13, 17-19, 21-22) bagkus gayundin ang Kaban ng Patotoo (Exo. 25:22; 40:21).

H. Ang Israel ay dapat sanang nagsisi, umamin nang puspusan, bumalik sa Diyos mula sa kanilang mga diyos-diyosan, at nagtanong sa Diyos sa kung anong ninanais Niyang gawin nila.

I. Sa halip, dahil walang puso para sa kanaisan ng Diyos o para sa Kanyang walang-hanggang ekonomiya, inensayo nila ang kanilang pamahiin na magtiwala sa Kaban batay sa kanilang mga nakalipas na katagumpayan na naranasan nila sa pamamagitan ng pagkilos ng Kaban.

J. Dahil sa pagbaba ng Israel, ang Kaban ay nabihag ng mga Filisteo at nahiwalay mula sa tabernakulo, iniwan ang tabernakulo na isang hungkag na sisidlan na walang realidad, walang wastong nilalaman (1 Sam. 4:11—6:1); nangangahulugan ito na sa ikalawang yugto ng kasaysayan nito, napababa at naiwala ng ekklesia ang realidad at presensiya ni Kristo (kap. 3—4; Apoc. 3:20).

K. Sa kanilang pagbaba ang Israel ay mangmang sapagkat hindi sila nagtiwala nang direkta sa Diyos; sa halip, nagtiwala sila sa mga sistemang itinalaga ng Diyos; bago ilabas ang Kaban ng Diyos mula sa tabernakulo, dapat sana ay sumangguni sila sa Diyos gaya ng ginawa ni Josue sa Jerico (Jos. 6:2-4; cf. 9:14).

L. Mula sa kaibuturan ng ating espiritu ay dapat sabihin natin sa Panginoon, "Panginoon, ako ay naririto sa lupa hindi para sa aking kalusugan, sa aking kasaganaan, sa aking kaligtasan, sa aking kapahingahan, o sa aking kapakinabangan; dahil gusto kong maging isang tunay na nananaig na Nazareo na nakikipagtulungan sa Iyo para sa pagsasakatuparan ng Iyong ekonomiya, hinihiling ko sa Iyo kung ano ang nasa Iyong puso hinggil sa akin"—1 Sam. 2:30b, 35; Bil. 6:1-9; cf. 1 Hari 8:48; Jer. 32:39.

M. Sa kanilang pagbaba, nasaktan ng mga anak ni Israel ang Diyos nang sukdulan, at iniwan sila ng Diyos; kalaunan, sa halip na iligtas ng Kaban ang Israel, ang Kaban mismo ay nabihag, at ang kaluwalhatian ng Diyos ay lumisan mula sa Israel (1 Sam. 2:30, 34; 4:10-18, 22; Awit 78:61); ang maging "walang Kaban" ay ang maging "walang Kristo," at ang maging "walang Kristo" ay nangangahulugang may "Ichabod," na nangangahulugang *Walang Kaluwalhatian* (1 Sam. 4:21-22; Apoc. 3:20).

**IV. Kalaunan, ang Kaban ay nabawi at dinala muna sa bahay ni Abinadab sa Kiriath-jearim, kung saan nanatili ito sa loob ng dalawampung taon (1 Sam. 6:2—7:2), at pagkatapos ay sa bahay ni Obed-edom na Getheo, kung saan tumigil ito nang tatlong buwan (2 Sam. 6:1-11; cf. 1 Sam. 1:24; Jos. 18:1); nangangahulugan ito na simula noong ikalawang siglo, maraming "Obed-edom" ang bumangon, na may presensiya ng Panginoon (ang Kaban) subalit walang wastong buhay-ekklesia bilang kahayagan ni Kristo (ang tabernakulo).**

**V. Inilipat ni David ang Kaban mula sa bahay ni Obed-edom tungo sa isang tolda na inihanda niya para dito sa kanyang sariling lungsod, sa Bundok Zion, ang pinakapiling lugar sa Herusalem (2 Sam. 6:12-19; 1 Kron. 15:1—16:1); ito ay isang napabuting sitwasyon, subalit ang Kaban ay nasa isang di-wastong lugar pa rin sapagkat hindi pa ito naibalik sa tabernakulo:**

A. Ang sitwasyong ito ay nangangahulugang ang ibang mga mananampalataya, gaya ni David, na nagpahalaga para sa mga interes ng Diyos, ay nagtangkang isagawa ang buhay-ekklesia ayon sa kanilang sariling pagpipili, hindi ayon sa pahayag ng Diyos.

B. Ang mga mananampalatayang ito ay nagtataglay ng Kristo, subalit taglay nila Siya nang may di-wastong pagsasagawa ng buhay-ekklesia (isinasagisag ng tolda ni David sa Herusalem)—cf. 1 Hari 3:3-15.

**VI. Sa katapusan, pagkaraang matapos ni Solomon ang pagtatayo ng templo sa Herusalem, ang Kaban ay nailipat tungo sa Kabanal-banalan sa loob ng templo para**

**sa isang ganap na pagpapanumbalik ng normal na sitwasyon; ngayon sa Kanyang pagbabawi ang Panginoon ay gumagawa upang mapanumbalik ang normal na kondisyon ni Kristo sa loob ng wastong ekklesia bilang realidad ng Katawan ni Kristo para sa Kanyang kahayagan—8:1-11, 48; Efe. 2:21-22; 3:16-21.**

**VII. Ang kasaysayan ng Kaban at ng tabernakulo ay isang paunang larawan ng kasaysayan ng ekklesia, binibigyan tayo ng isang kumpletong larawan ng tatahakin at sitwasyon ng ekklesia mula sa pinakasimula hanggang sa kasalukuyang panahon; may limang pangunahing aspekto ang kasaysayang ito:**

A. Ang unang sitwasyon ay yaong sa ekklesia na taglay si Kristo sa loob nito; ito ay isinasagisag ng Kaban sa loob ng tabernakulo, taglay ang Kaban bilang nilalaman at ang tabernakulo bilang kahayagan nito; ito ang isang larawan ng unang yugto ng ekklesia sa isang lubusang normal na kondisyon ni Kristo bilang nilalaman ng ekklesia at ang ekklesia bilang kahayagan ni Kristo—Exo. 40:34-38; Efe. 3:16-21.

B. Ang ikalawang sitwasyon ay yaong sa ekklesia na walang Kristo sa loob nito; ito ay isinasagisag ng Kaban na nabihag at nahiwalay mula sa tabernakulo dahil sa kabiguan ng bayan ng Diyos; ang pagiging hungkag ng tabernakulo ay naglalarawan ng mga kabiguan ng mga Kristiyano na nagsanhi sa ekklesia na maiwala ang realidad at presensiya ni Kristo—Apoc. 2:4-5; 3:20.

C. Ang ikatlong sitwasyon ay yaong kay Kristo na walang ekklesia; ito ay isinasagisag ng Kaban na walang tabernakulo; una, sa bahay ni Abinadab sa Kiriath-jearim sa loob ng dalawampung taon (1 Sam. 7:1-2) at pagkatapos sa bahay ni Obed-edom na Getheo sa loob ng tatlong buwan (2 Sam. 6:10-12), ang Kaban ay hiwalay sa tabernakulo; inihahayag ng kasaysayan ng ekklesia na mula sa ikalawang siglo hanggang sa kasalukuyang panahon ay maraming Obed-edom.

D. Ang ikaapat na sitwasyon ay yaong kay Kristo na walang sapat na ekklesia; naghanda si David ng isang tolda para sa Kaban sa Herusalem, subalit hindi ito ayon sa tularan na inihayag ng Diyos kay Moises; maraming Kristiyano ang may Kaban—si Kristo—na walang sapat na ekklesia—b. 17; 1 Cron. 15:1; 2 Cron. 1:4; Exo. 25:9.

E. Ang ikalimang sitwasyon ay yaong kay Kristo na may isang wastong ekklesia; ito ay isinasagisag ng Kaban na may wastong tabernakulo na napalaki at napataas upang maging templo; sa ganitong sitwasyon—si Kristo bilang realidad na may isang wastong ekklesia bilang Kanyang kahayagan—ay lubusan nating nadarama na tayo ay nasa tahanan na—Awit 90:1-2; 91:1-16; 92:12-15; 132:5, 8; 1 Cron. 28:11-20; 2 Cron. 3:1.

*© 2021 Living Stream Ministry*